JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinpyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Hustong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalamputon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan- Modyul 1:

### Mga Pakinabang na Pang-ekonomiko ng mga Likas na Yaman



Pangalan ng Mag-aaral: ____________________

Baitang at Pangkat: ____________________

Pangalan ng Paaralan: ____________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Amancio B. Cainta, Jr.
**Editor:** Florence S. Gallemit
**Tagasuri:** Dr. Jephone P. Yorong
**Tagaguhit:** Amancio B. Cainta, Jr.
**Tagalapat:** Amancio B. Cainta, Jr.
**Tagapamahala:** Dr. Ella Grace M. Tagupa
Dr. Jephone P. Yorong
Florence S. Gallemit
Jose C. Overa
Macaria A. Manuta



# Alamin

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Naipaliliwanag ang iba't ibang pakinabang pang-ekonomiko ng mga likas na yaman ng bansa



# Balikan

**Panuto:** Isulat ang **<u>T</u>** kung tama ang isinasaad ng pangungusap at **<u>M</u>** naman kung mali sa patlang bago ang bilang.

_____ 1. Ang Pilipinas ay isang napakalaking pulo.

_____ 2. Ang pagiging arkepilago ng bansa ay may malaking pakinabang sa pag-unlad ng bansa.

_____ 3. Walang dayuhan ang nahikayat dumayo sa Pilipinas dahil sa likas na kagandahan nito.

_____ 4. Ang RORO (*Roll On, Roll Off*) ay higit na nakatulong sa pagbibiyahe ng mga produkto mula sa iba-ibang lalawigan.

_____ 5. Ang Pilipinas ay binubuo ng malalawak na kapatagan, mahahabang bulubundukin, nakabibighaning mga kabundukan at bulkan, napakagandang mga dalampasigan, nakahihikayat na mga ilog at talon, at malalaki at maliliit na mga pulo.

______ 6. Malaki ang pakinabang ng bansa sa mga terorismo.

______ 7. Malaking tulong ang patalastas upang mas mahikayat pa ang mga dayuhang dumayo sa ating bansa.

______ 8. Ang arkepilago ay isang anyong lupa na binubuo ng malalaki at maliliit na mga pulo.

______ 9. Nakatutulong sa pag-unlad ng bansa ang kasaganaan nito sa katangian pisikal.


______10. Ang pagiging mayaman sa katubigan ay pinapasigla ang iba't ibang maaring pagkakitaan tulad ng pangingisda, pagbabangka, at pagbibiyahe.

| Aralin 1 | Mga Pakinabang na Pang-ekonomiko ng mga Likas na Yaman |
|---|---|



## Tuklasin

Basahin ang pag-uusap ng magkaibigang Mario at Maria.





## Suriin

Basahin at unawaing mabuti ang teksto.

**Pakinabang sa Kalakal at Produkto**

Ang Pilipinas ay sagana sa likas na yaman. Kung kaya, ang Pilipino ay karaniwan nang umaasa rito upang matugunan ang kanyang mga pangangailangan. Maraming produktong nakukuha sa mga yamang ito. Ang mga ito rin ang nagdudulot ng pag-angat ng antas ng ekonomiya ng bansa.

Kung susuriin, pangunahin nang pakinabang sa ating likas na yaman ang mga produktong nakukuha rito. Ang mga isda at iba pang lamang dagat at tubig; mga prutas at gulay at pang-agrikultural na produkto; mga troso; mga meniral, ginto, pilak at tanso; at marami pang iba ay napagkakakitaan natin ng malaking halaga. Ang mga produktong ito ay iniluluwas din sa ibang mga bansa. Nangangahulugan na karagdagang kita ito sa ating kabang-bayan at dagdag na pag-angat ng ating ekonomiya.

**Pakinabang na Turismo**

Bukod sa mga kalakal at produkto, likas na yaman ding maituturing ang maraming lugar at tanawin sa bansa. Malakas itong atraksyon sa mga turista buhat sa mga karatig-lalawigan at maging sa labas ng bansa. Ilan sa mga atraksyong ito ang mga dalampasigan, talon, ilog, kabundukan, bulkan, kagubatan, at maging ang ilalim ng dagat. Dinarayo rin ng mga turista ang mga makasaysayang lugar ng bansa. Bunga nito, malaki ang naiambag ng turismo sa pag-unlad ng ekonomiya.

**Pakinabang sa Enerhiya**

Pinagkukunan din ng enerhiya ang likas na yaman ng bansa. Isa ito sa malaking bagay na nakatutulong sa ating ekonomiya dahil hindi na natin kailangang umangkat pa ng maraming krudo o langis. Pinatatakbo ang mga plantang kuryente sa pamamagitan ng pwersang tubig mula sa Talon ng Maria Cristina, LawangCaliraya, at lakasnghanginsa Bangui, Ilocos Norte sa pamamagitan ng wind mill. Ilan lamang ang mga ito sa kapakinabangang nakukuha sa ating mga likas na yaman.

*Sagutin mo ang mga tanong para masukat ang iyong pag-unawa sa binasa.*

1. Sa anong mga likas na yaman sagana ang ating bansa?

**Sagot:**______________________________________________________________
________________________________________________________________________

2. Paano nakatutulong ang mga likas na yaman sa pag-angat ng ating kabuhayan?

**Sagot:**______________________________________________________________
________________________________________________________________________

3. Bukod sa mga produkto at kalakal, sa anong mga likas na yaman pa sagana at tanyag ang ating bansa?

**Sagot:**______________________________________________________________
________________________________________________________________________

4. Magbigay ng mga halimbawa ng mga ito kung saan matatagpuan.

**Sagot:**______________________________________________________________
________________________________________________________________________



# Pagyamanin

**Panuto:** Punan ng hinihinging impormasyon ang tsart. Tingnan at unawain ang halimbawa. (6 puntos)

**Halimbawa:**

| **Likas na Yaman** | **Kapakinabangang Pang-ekonomiko** |
|---|---|
| Produkto:<br>Tuna at iba pang uri ng isda | Pinagkukunan ng ikabubuhay bilang export, local na konsumo |
| Tanawin:<br>BulkangMayon | Turismo |

**Magsimula rito:**

| Likas na Yaman | Kapakinabangang Pang-ekonomiko |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |



# Gawain

**Panuto:** Sumulat ng isang tula na binubuo ng dalawa saknong na naglalahad tungkol sa mga pakinabang na pang-ekonomiko ng mga likas na yaman ng ating bansa. Malaya kang gumawa ng sarili mong pamagat. Gawing gabay ang rubrics sa ibaba upang makuha mo ang pinakamataas na puntos. (10 puntos)

**RUBRIK SA PAGSULAT NG TULA**

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (10)** | Napakalinaw, napakalinis, at napaka-organisado ang pagkagawa |
| **Katamtaman (7)** | Hindi gaanong malinaw, hindi gaanong malinis, at hindi gaano ka-organisado ang pagkagawa |
| **Di-gaanongMaayos (5)** | Hindi malinaw, hindi malinis, at hindi organisado ang pagkagawa |



# Isaisip

**Panuto:** Base sa iyong natutunan, punan mo ang mga salaysay sa ibabang bahagi upang makompleto ito. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| turismo | produkto | likasnayaman |
| export | ekonomiya | pang-ekonomiko |

**Mga Pakinabang Pang-ekonomiko ng mga Likas na Yaman**

Sa araw na ito, natutunan ko na ang mga 1.______________________ ay nakapagdudulot ng maraming kapakinabangan sa ating 2. _______________. Ilan sa mga pinagmulan ng kapakinabangang 3. ___________________ ay ang mga 4.____________________________ at kalakal mula sa mga likas na yaman, 5. _________________________, at kalakalan.



# Tayahin

**GAWAIN A**

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Anong produkto o kalakal ang matatagpuan o makukuha sa mga lugar na malapit sa baybaying-dagat?

   A. palay, abaka, at mais
   B. hipon, mani, at saging
   C. perlas, isda, at alimasag
   D. manok, baboy, at kalabaw

2. Ang hagdan-hagdang palayan sa Banawe ay isa sa mga dinarayo ng mga turista, mapa-lokal man o dayuhan, dahil sa angkin nitong kagandahan. Sa anong pakinabang na pang-ekonomiko ito napabilang?

   A. Turismo
   B. Kalakal
   C. Enerhiya
   D. Produkto

3. Ang sumusunod ay mga pakinabang na naibibigay ng mga likas na yaman ng bansa upang iangat ang ating ekonomiya, MALIBAN sa isa. Alin ito?

   A. Kalakal at Produkto
   B. Terorismo
   C. Enerhiya
   D. Turismo

4. Alin sa sumusunod ang HINDI napabilang sa mga pakinabang sa turismo?

   A. Dumarami ang turista
   B. Dumarami ang pulubi
   C. Umunlad ang ekonomiya
   D. Dumarami ang trabaho

5. Bakit kailangan nating pangalagaan ang ating likas na yaman?

   A. Dahil ito ay minana pa natin sa ating mga magulang.
   B. Dahil ito ay nakatutulong sa ating kabuhayan.
   C. Dahil ito ay atin at hindi pagmamay-ari ng mga dayuhan.
   D. Dahil ito ang nagbubuklod natin bilang mga Pilipino.

**GAWAIN B**

**Panuto:** Tukuyin kung anong pakinabang pang-ekonomiko ang tinutukoy sa bawat aytem. Isulat titik sa patlang bago ang bilang.

**A** – kung ito ay pakinabang sa **Kalakalan at Produkto**;
**B** – kung ito ay pakinabang sa **Turismo**; at
**C** – kung ito ay pakinabang sa **Enerhiya**

____6. Taniman ng mais sa Burgos, Dapitan City

____7. Plasa ng Pagadian City

____8. Parke ng Pasonanca ng Zamboanga City

____9. Maria Cristina Falls sa Iligan City

____10. Kabundukan ng Zamboanga Sibugay

____11. Minahan ng Ginto ng Sibutad, Zambaonga del Norte

____12. *Dakak Park and Beach Resort* ng Dapitan City



____13. *Wind Mill* ng Bangui, Ilocos Norte

____14. *Manuel Resort* ng Piñan, Zamboanga del Norte

____15. *Cassava Chips Factory* ng Aseniero, Dapitan City

# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Gumawa ka ng isang *Master Piece* (Poster) na nagpapakita ng mga pakinabang pang-ekonomiko ng mga likas na yaman ng ating bansa. Gawing gabay ang rubrics sa paggawa nito upang makuha mo ang pinakamataas na puntos.

**RUBRIK SA PAGGAWA NG POSTER**

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (15)** | Napakalinaw, napakalinis ang pagkaguhit at pagkulay, at napaka-angkop sa paksa ang pagkagawa |
| **Katamtaman (10)** | Hindi gaanong malinaw, hindi gaanong malinis ang pagkaguhit at pagkulay, at hindi gaano ka-angkop sa paksa ang pagkagawa |
| **Di-gaanongMaayos (5)** | Hindi malinaw, hindi malinis ang pagkaguhit at pagkulay, at hindi angkop sa paksa ang pagkagawa |

## *Susi sa Pagwawasto*

| ***BALIKAN*** | ***ISAISIP*** | ***TAYAHIN*** | |
|---|---|---|---|
| | | **GAWAIN A** | **GAWAIN B** |
| 1. M | 1. Likas na yaman | 1. C | 6. A |
| 2. T | 2. ekonomiya | 2. A | 7. B |
| 3. M | 3. pang-ekonomiko | 3. B | 8. B |
| 4. T | 4. produkto | 4. B | 9. C |
| 5. T | 5. turismo | 5. B | 10. B |
| 6. M | | | 11. A |
| 7. T | | | 12. B |
| 8. T | | | 13. C |
| 9. T | | | 14. B |
| 10. T | | | 15. A |

# *Sanggunian*


(Ma. Corazon V. Adriano, 2015)
(Ma. Corazon V. Adriano M. A., 2015)

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.